JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malinpyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

**3**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikatatlong Markahan- Modyul 3:
## Paggamit ng Pandiwa



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jessalynn A. Dapitilla
Ma Fe E. Gallemit

**Editor:** Lindo O. Adasa Jr.

**Tagasuri:** Anelita A. Bulay-og
Julieta H. Tibon
Roderick R. Luna

**Tagaguhit:** Elaine M. Bantilan, Edgardo Jamilar Jr.

**Tagalapat:** Peter Alavanza, Jessalynn A. Dapitilla

**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo, CESO VI
Oliver B. Talaoc, Ed. D
Ella Grace M. Tagupa, Ed. D
Lindo O. Adasa Jr.
Jephone P. Yorong, Ed. D

# Alamin

Sa araling ito, inaasahang ikaw ay:

- Nagagamit ang tamang salitang kilos/pandiwa sa pagsasalaysay ng mga personal na karanasan.
  **F3WG-IIIe-f-5**

# Balikan

**Panuto:** Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

______1. Ano ang tawag sa isang mensahing isinulat na naglalaman ng kaalaman, lihim, o balita ng isang tao na ibibigay sa kapwa tao?

A. Liham B. Aklat C. Kard

______2. Alin sa mga sumusunod ang makikita sa bating panimula?

A. Mahal kong kaibigan
B. Nagmamahal
C. Lito

______3. Anong bahagi ng liham ito?

A. Katawan ng Liham
B. Pamuhatan
C. Lagda

Barangay Bagting
Lungsod ng Dapitan
Enero 01, 2020

| Aralin 3 | Paggamit ng Pandiwa |
|---|---|

# Tuklasin

**Panuto:** Bilugan ang mga larawan na nagpapakita ng kilos o galaw. Isulat ang kilos sa napiling larawan.







______________ ______________ ______________ ______________ ______________



# Suriin

**Pandiwa –** ay bahagi ng pananalita sa nagsasaad ng kilos o galaw.

Halimbawa: nagluluto, umaakyat, sumasayaw
nagwawalis, tumatakbo, at iba pa

May tatlong (3) Kapanahunan ang Pandiwa:

**PANGNAGDAAN**

- ito ay aspekto ng pandiwa na naganap. Kilos na tapos ng mangyari. **-** ginagamitan ng mga salitang: kahapon, noon, kanina, nakaraang buwan/araw
- **panlapi**: na, nag, um, in

**PANGKASALUKUYAN**

- aspekto ng pandiwa na nagaganap.Kilos na ginagawa pa.
- ginagamitan ng mga salitang: ngayon at kasalukuyan
- **panlapi**: na, nag, um, in

**PANGHINAHARAP**

- aspekto ng pandiwa na gaganapin. Kilos na hindi pa nangyayari o gagawin pa.
- ginagamitan ng mga salitang: bukas, mamaya, sa susunod, sa darating na
- **panlapi**: ma, mag

Halimbawa:

| **Pangnagdaan**<br>(Naganap na) | **Pangkasalukuyan**<br>(Nagaganap) | **Panghinaharap**<br>(Magaganap pa lang) |
|---|---|---|
| Ako ay **naglinis** kahapon ng bahay. | Ako ay **naglilinis** ng bahay. | Ako ay **maglilinis** ng bahay bukas. |
| **Bumili** ng masarap na tinapay si nanay kaninang umaga. | **Bumibili** ngayon si nanay ng masarap na tinapay sa tindahan. | **Bibili** si nanay ng masarap na tinapay bukas. |



# Pagyamanin

**Panuto:** Kulayan ang tamang kahon ng pandiwa na angkop gamitin sa bawat pangungusap. *(Gumamit ng kahit anong gustong pangkulay)*

1. ________________________ ako ng masarap na *spaghetti* bukas dahil kaarawan ng aking kapatid.

| **kumakain** | **kakain** | **kumain** |
|---|---|---|

2. Sa susunod na Linggo ________________________ sa parke ang magkaibigang Sanya, Mika at Dina.

| **mamamasyal** | **namasyal** | **namamasyal** |
|---|---|---|

3. Si Mang Kaloy ay __________________________ ng bakuran nila ngayon.

| **magwawalis** | **nagwalis** | **nagwawalis** |
|---|---|---|



# Gawain

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong batay sa iyong personal na karanasan gamit ang angkop na pandiwa at salungguhitan ito.

1. Ano ang ginawa mong gawaing bahay kahapon?

_______________________________________________

2. Ano ang ginagawa mo ngayon?

_______________________________________________

3. Ano ang gagawin mo bukas pagkatapos mong kumain ng almusal?

_______________________________________________



# Isaisip

**Panuto:** Kompletuhin ang sumusunod na pahayag gamit ang mga salitang nasa kahon. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

| | |
|---|---|
| ***pangnagdaan*** | ***pangkasalukuyan*** |
| ***panghinaharap*** | ***pandiwa*** |

A) Ang ____________________ ay bahagi ng pananalita sa nagsasaad ng kilos o galaw.

B) Ang tatlong kapanahunan ng pandiwa ay ____________________, ____________________, at ____________________.



# Tayahin

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang magsasaka ay ____________________ ng palay.
   A. nagtanim C. nagtatanim
   B. magtatanim D. itatanim
2. Si Mar at si Ben ay ____________________ bukas ng umaga sa ilog.
   A. maglalaba C. naglalaba
   B. naglaba D. maglaba
3. Si Tita Bea ang ____________________ ng keyk sa darating na kaarawan ko.
   A. gumawa C. gumagawa
   B. ginagawa D. gagawa
4. Kasalukuyang ____________________ ng sari-saring gulay at prutas si Aling Maria sa palengke.
   A. nagbenta C. magbebenta
   B. nagbebenta D. magbenta
5. ____________________ ng mga halaman si Maria kahapon.
   A. magdidilig C. nagdilig
   B. nagdidilig D. magdilig



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Tukuyin ang aspekto ng pandiwa sa salitang may salungguhit.
Iguhit ang ▲ , ♥ , ★ kung saan:

▲ = Pangnagdaan ♥ = Pangkasalukuyan ★ = Panghinaharap

__________1. <u>Maglalaro</u> kami ng chess mamayang hapon.

__________2. Tahimik na <u>nagbabasa</u> ang mga mag-aaral.

__________3. Sino ang <u>sumagot</u> ng telepono kanina?



# Susi sa Pagwawasto

**Karagdagang Gawain**
1. ★
2. ♥
3. ▼

**Tayahin**
1) C 4) B
2) A 5) C
3) D

**Isaisip**
A) Pandiwa
B) Pangnagdaan, Pangkasalukuyan, Panghinaharap

**Gawain**
Magkakaibang sagot

**Pagyamanin**
1) kakain
2) mamamasyal
3) nagwawalis

**Tuklasin**
tumatakbo
lumalangoy
nagbibisikleta

**Balikan**
1) A
2) A
3) B

# Sanggunian:


**Patnubay ng Guro**
(Florenda Cardinoza 2017) pahina 196

https://www.scribd.com/doc/271971995/aspekto-ng-pandiwa-test-pdf

https://www.slideshare.net/mobile/marylynbatiancila/pandiwa-tatlong-kapanuhunan-ng-pandiwa

https://www.slideshare.net/mobile/LadySpy18/pandiwa-41688248

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.